kwalipikado ka ba para sa pinansyal na tulong?

Malamang, oo! Humigit-kumulang 90% ng mga nag-papatala sa California ay makakatanggap ng pinansyal na tulong. Kung gaano kalaking pinansyal na tulong ay depende sa kita ng iyong sambahayan, laki ng iyong pamilya, at kung saan ka nakatira.

Maaari ka magbayad ng kasing liit ng $0/buwan para sa iyong plano, at hindi ka magbabayad ng higit sa 8.5% ng iyong kita para sa aming bench-mark na Silver plan. Maaari ka ring maging kwalipi-kado para sa mura o walang bayad na Medi-Cal.

Upang matantya ang iyong buwanang bayad gamit ang aming calculator tool (sa English), i-scan ang QR code o bumisita sa CoveredCA.com/#quick-calculator

KINAKAILANGAN KO BANG MAGKAROON NG SEGURONG PANGKALUSUGAN?

Sa California, ang karamihan ng tao ay inaatasan ng batas na magkaroon ng segurong pangkalusugan at kung hindi ay magbabayad ng multang buwis: $850/nasa hus-tong gulang + $425/batang wala pang 18 taong gulang, hanggang sa $2,550/sambahayan, o 2.5% ng taunang pinagsama-samang kita ng sambahayan na lampas sa iyong pinakamababang kita na inaatasang mabuwisan o tax filing threshold, alinman ang mas mataas.

May mga ibang tanong?
Bisitahin ang CoveredCA.com/support.

Covered California complies with applicable Federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, age, disability, or sex.
Atención: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1.800.300.0213 (TTY: 1.888.889.4500).
注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1.800.300.1533 (TTY 1.888.889.4500).

mga kakailanganin mo upang magpatala

Ang mga sumusunod ay kakailanganin ng bawat miyembro ng pamilya na nag-a-apply para sa saklaw:

- **ZIP code ng tirahan**
- **Petsa ng kapanganakan**
- **Katibayan ng kasalukuyang kita ng sambahayan ***
- **California ID o lisensya sa pagmamaneho**
- **Numero ng Social Security o numero ng Identi-pikasyon ng Indibidwal na Tagabayad ng Buwis, kung ikaw ay mayroon nito**
- **Katibayan ng pagkamamamayan o legal na estado ng imigrasyon (hal., U.S. passport, sertipiko ng pagkamamamayan o dokumento ng naturali-sasyon, green card, o isang wastong visa) ****

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON AT LIBRENG TULONG NA PERSONAL, MAKIPAG-UGNAY SA:

CoveredCA.com | 800.983.8816 (Tagalog)

* Katibayan ng kasalukuyang kita ng lahat ng mga miyembro sa sambahayan ng buwis, tulad ng isang kamakailang tax return, W-2, o pay stub. Ang kita ng isang dependent ay dapat lamang isama kung ang antas ng kanilang kita ay nangangailangan ng tax return. Ang sambahayan ay binubuo ng pangu-nahing taong nagsumite ng buwis at lahat ng mga dependent na inaangkin sa mga buwis ng taong iyon. Kung ikaw ay hindi nagsumite ng mga buwis, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa libre o mababang gastos na insurance sa pamamagitan ng Medi-Cal.

** Maaari kang mag-apply para sa iyong kwalipikadong anak o asawa kahit na ikaw ay hindi kwalipikado.

FIL-0723

ang daan patungong segurong pangkalusugan.

KAILAN, SAAN AT PAANO MAGPATALA

COVERED CALIFORNIA

COVERED CALIFORNIA

KAMI ANG BAHALA SA IYO.

Ang Covered California ay nilikha upang matulungan ang mga taga-California na ihambing, bumili, at magpatala sa mga brand-name na planong pangkalusugan. Karamihan sa mga taong nagpapatala ay tumatanggap ng pampinansyal na tulong, at ang lahat ay garantisado ng magkaparehong, de-kalidad na saklaw.

NARITO KAMI UPANG MAKATULONG.

Ang Covered California ay nag-aalok ng libreng dalubhasang tulong online, sa personal, at sa telepono sa 13 mga wika pati na rin para sa mga may kapansanan sa pandinig.

ANG BUKAS NA PAGPAPATALA AY SA

November 1 — January 31

Ang Medi-Cal at Espesyal na Pagpapatala ay inaalok buong taon. Pinapayagan ng Espesyal na Pagpapatala na makakuha ng saklaw ang mga taga-California sa loob ng 60 araw mula sa isang kwalipikadong kaganapan sa buhay, tulad ng pagkawala ng segurong pangkalusugan, pagbabago sa laki ng sambahayan, o paglipat sa o sa loob ng California. Para sa karagdagan impormasyon, bumisita sa CoveredCA.com/special-enrollment.

Upang magsimula, bisitahin ang CoveredCA.com o tumawag sa 800.983.8816 (Tagalog).

tuklasin ang iyong mga opsyon ng saklaw.

Nag-aalok ang Covered California ng apat na antas ng pagsaklaw: Bronze, Silver, Gold at Platinum. Babayaran ng mga kumpanya ng seguro ang isang bahagi ng mga saklaw na serbisyo, at ang mga benepisyo na inaalok sa loob ng bawat antas ay magkakapareho kahit alinmang kumpanya ang piliin mo.

Bisitahin ang CoveredCA.com at piliin ang "Shop and Compare" upang makita kung anong mga brand-name na planong pangkalusugan ang tama para sa iyo.

Piliin ang Platinum o Gold at magbabayad ka ng mas mataas na buwanang premium, ngunit magbabayad ka ng mas mababa sa mga serbisyong medikal kapag ito'y kinailangan mo.

Piliin ang Silver o Bronze at magbabayad ka ng mas mababang buwanang premium, ngunit magbabayad ka ng mas mataas para sa mga serbisyong medikal kapag ito'y kinailangan mo.

Mayroong planong may pinakamababang saklaw para sa mga mas bata sa edad na 30 taong gulang o mga 30 taong gulang at mas matanda na tumanggap ng pagkalibre dulot ng kahirapan mula sa Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng Estados Unidos.

MGA PANGKARANIWANG BENEPISYO NG SAKLAW AYON SA ANTAS —

MGA PANGUNAHING BENEPISYO	BRONZE Sumasaklaw sa 60% ng karaniwang taunang gastos	SILVER Sumasaklaw sa 70% ng karaniwang taunang gastos	GOLD Sumasaklaw sa 80% ng karaniwang taunang gastos	PLATINUM Sumasaklaw sa 90% ng karaniwang taunang gastos
Maibabawas sa indibidwal/pamilya	$6,300 / $12,600	$5,400 / $10,800**	Walang maibabawas	Walang maibabawas
Taunang pagbisita sa pangangalaga para sa pag-iwas sa karamdaman	Walang gastos	Walang gastos	Walang gastos	Walang gastos
Copay para sa pangunahing doktor ng pangangalaga	$60*	$50	$35	$15
Copay para sa pagbisita sa agarang pangangalaga	$60*	$50	$35	$15
Copay para sa pang-emerhensiyang kuwarto	40%†	$450	$350	$150
Copay para sa generic na gamot	$17	$19	$15	$7
Pinakamataas na out-of-pocket na gastos bawat indibidwal	$9,100/year	$9,100/year	$8,700/year	$4,500/year
Taunang pinakamataas na out-of-pocket na gastos bawat pamilya**	$18,200	$18,200	$17,400	$9,000

Hindi nakalista sa tsart ang lahat ng medikal na mga copay at coinsurance rate. Para sa kumpletong impormasyon, bisitahin ang CoveredCA.com.
* Para sa mga Planong Bronze, ang maibabawas ay tinatanggal para sa unang tatlong bisita sa pangunahing doktor ng pangangalaga o agarang pangangalaga. Ang mga karagdagang pagbisita ay sisingilin ng buong halaga hanggang maabot ang maibabawas.
**Ang Silver ang tanging antas kung saan ang iyong maibabawas at iba pang mga gastos ay maaaring maging mas mababa batay sa pinagsama-samang kita ng iyong sambahayan.
†40% pagkatapos ng maibabawas, hanggang sa taunang pinakamataas na out-of-pocket na gastos.